NAME:

DATE:

# Filipino Reading Comprehension

Practice reading and understanding sentences in Filipino. Read the short passage below and answer the questions below it. Encircle the letter of your choice.

Si Ana ang pinakabata sa anim na magkakapatid. Kahit siya ang bunso, siya ang laging inuutusan sa bahay. "Bakit lagi na lang ako?" Ito ang laging pumapasok sa isip niya kapag pagod na siyang sumunod sa mga utos ng kaniyang mga magulang at mga kapatid. Ang payo ng kaniyang lola, "Huwag kang magdamdam, apo. Tinuturuan ka lang nilang maging responsable at masunuring bata." Dagdag pa niya, "Basta ang mahalaga ay huwag kang magdadabog kapag ikaw ay inuutusan bilang tanda ng respeto sa mga nakakatanda." Tumango nang nakangiti ang bata.

1. Ano ang tawag sa pinakabata sa magkakapatid?
   a. panganay b. gitnang kapatid c. bunso d. magukang

2. Ilan silang magkakapatid sa kuwento?
   a. 3 b. 4 c. 5 d. 6

3. Ano ang damdamin ni Ana kapag siya ang laging inuutusan?
   a. nalulungkot b. nagagalit c. nahihiya d. nagyayabang

4. Kapag ikaw ay nagdaramdam, __________ ang iyong loob.
   a. magaan b. masama c. masaya d. malaya

5. Ayon sa lola, kapag ikaw ay inuutusan ng nakatatanda, dapat ay:
   a. magdabog at magalit
   b. sumunod nang masama ang iyong loob
   c. sumunod nang may kasiyahan
   d. huwag pansinin ang nag-uutos.

6. Ano ang naging tugon ni Ana sa payo ng kaniyang lola?
   a. hindi pumayag b. hindi pinansin c. sumang-ayon d. may pagaalinlangan